NANCY BARGMANN
*DIREKTOR*

Estado ng California—Ahensya ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao

**Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad**
**(Department of Developmental Services)**

1215 O Street, Sacramento, CA 95814
www.dds.ca.gov

GAVIN NEWSOM
*GOBERNADOR*

Pebrero 6, 2024

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: LIBANGAN SA PAKIKISALAMUHA, CAMPING, AT HINDI MEDIKAL NA MGA PAGGAMOT - LAYUNING LEHISLATIBO AT PAG-ACCESS NG TAGAPAGKALOOB

Layunin ng Direktibang ito na liwanagin ang mga kinakailangan na nakapaloob sa seksyon 4688.22 ng Welfare and Institutions (W&I) Code at magbigay ng patnubay sa mga regional center sa pagpapadali ng pag-access sa mga tagapagkaloob at vendorization ng mga serbisyong libangan sa pakikisalamuha, serbisyong pang-camping, at hindi medikal na mga paggamot kasama ang, ngunit hindi limitado sa, espesyalisadong libangan, sining, sayaw, at musika (libangan sa pakikisalamuha, camping at hindi medikal na mga paggamot); ang mga kinakailangan para sa pagpapadali ng vendorization at paggamit ng mga serbisyong participant-directed; at, ang pagpapatupad ng mga Usual and Customary (U&C) rate gaya ng nakabalangkas sa California Code of Regulations (CCR), Titulo 17 seksyon 57210(a)(19). Ang seksyon 4688.22(c) ng W&I Code ay nagpapahintulot sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services) (Kagawaran) na maglabas ng mga direktiba o katulad na mga tagubilin upang ipatupad ang pagbibigay ng mga serbisyong ito na naaayon sa seksyong ito.

**Sanligan**

Nagbigay ng patnubay ang Kagawaran sa mga regional center noong Nobyembre 3, 2023 tungkol sa mga pagbabago sa batas na nakaaapekto sa libangan sa pakikisalamuha, camping at hindi medikal na mga paggamot. Ayon sa wika ng layuning lehislatibo na nakapaloob sa seksyon 4688.22(a) ng W&I Code, hindi lamang inirerekomenda ng mga regional center ang mga indibidwal sa umiiral na mga oportunidad sa serbisyo kaugnay ng libangan sa pakikisalamuha, camping at hindi medikal na mga paggamot, ngunit para pondohan ang mga serbisyong iyon, kasama ang mga suportang kailangan para makakuha ng mga ito, upang mapataas ang availability ng mga vendor, at para mapabilis ang mga vendorization.

Nakasaad sa seksyon 4512(b) ng W&I Code na: "'Ang ibig sabihin ng mga serbisyo at suporta para sa mga taong may kapansanan sa pag-unlad' ay mga espesyalisadong serbisyo at suporta o mga espesyal na pag-angkop ng mga karaniwang serbisyo at suporta na nakadirekta sa pagbibigay-lunas sa kapansanan sa pag-unlad o para sa panlipunan, personal, pisikal, o pang-ekonomiyang habilitation o rehabilitasyon ng isang indibidwal na may kapansanan sa pag-unlad, o para sa pagkamit at pagpapanatili ng isang malaya, produktibo, at normal na buhay." Dahil sa layunin ng Lehislatura na dagdagan ang pag-access sa mga serbisyong ito gaya ng nakasaad sa seksyon 4688.22(a) ng W&I Code, hindi dapat gamitin ng mga regional center ang seksyon 4512(b) ng W&I Code upang limitahan ang pagpopondo ng mga serbisyong ito para sa yaong mga espesyalisado lamang o nakadirekta sa pagbibigay-lunas sa kapansanan sa pag-unlad.

Ang pagsusuri at pagtukoy ng pangangailangan para sa libangan sa pakikisalamuha, camping at hindi medikal na mga paggamot ay dapat na nakabatay sa proseso ng plano para sa indibidwal na programa at dapat isaalang-alang ng pangkat sa pagpaplano ang wika ng layuning lehislatibo na nakapaloob sa seksyon 4646(a) ng W&I Code na nakasaad na, "Layunin ng Lehislatura na tiyaking

ang plano para sa indibidwal na programa at pagbibigay ng mga serbisyo at suporta sa pamamagitan ng sistema ng regional center ay nakasentro sa indibidwal at pamilya ng indibidwal na may mga kapansanan sa pag-unlad at isinasaalang-alang ang mga pangangailangan at kagustuhan ng indibidwal at ng pamilya, kung naaangkop, pati na rin ang pagtataguyod ng pagsama sa komunidad... Higit pang layunin ng Lehislatura na tiyaking ang pagbibigay ng mga serbisyo sa mga konsumidor at kanilang mga pamilya ay magiging epektibo sa pagtugon sa mga layuning nakasaad sa plano para sa indibidwal na programa, sumasalamin sa mga kagustuhan at pagpipilian ng konsumidor, at sumasalamin sa pinakasulit na paggamit ng mga pampublikong mapagkukunan."

**Pagpopondo ng 1:1 sa Mga Serbisyong Libangan sa Pakikisalamuha**

Nakasaad sa seksyon 4688.22(a)(2) ng W&I Code na, "Dahil dito, layunin ng Lehislatura na ang mga serbisyong libangan sa pakikisalamuha, serbisyong pang-camping, at hindi medikal na mga paggamot, kasama ang, ngunit hindi limitado sa, espesyalisadong libangan, sining, sayaw, at musika, ay malawakang mailaan sa mga indibidwal, hindi lamang para sa pakikisalamuha, kundi para makapamuhay sa komunidad ayon sa gusto nila." Kaya naman, kapag isinasaalang-alang ang pagpopondo sa mga libangan sa pakikisalamuha, camping at hindi medikal na mga paggamot, hindi dapat ipatupad o isama ng mga regional center sa purchase of service (POS), ang iniaatas na natutugunan ng mga serbisyo ang parehong pangangailangan sa libangan at pakikipagsalamuha. Bagama't ang isang serbisyong 1:1 ay maaaring walang direktang naibibigay na pakikipagsalamuha, maaari nitong suportahan ang pagkamit ng mga kasanayang magsusulong ng pagiging kabilang sa komunidad at mga oportunidad sa pakikipagsalamuha. Para matupad ito, hindi dapat ipagbawal ng mga regional center ang pagbili ng mga serbisyong 1:1 na kasama ang mga pribadong pag-aaral.

**Pagbabawal Laban sa Pag-aatas ng Copayment o Kasunduan sa Hatian sa Pagbabayad**

Nakasaad sa seksyon 4688.22(b)(3) ng W&I Code na, "Simula Hulyo 1, 2023, hindi dapat iatas ng isang regional center sa isang konsumindor o miyembro ng pamilya na gawin ang alinman sa mga sumusunod: (3) Magbayad ng copayment, o isang katulad na kasunduan sa hatian sa pagbabayad na naglalayong mabawi ang mga gastusin, upang makatanggap ng mga serbisyong libangan sa pakikisalamuha, serbisyong pang-camping, o hindi medikal na mga paggamot, kasama ang, ngunit hindi limitado sa, espesyalisadong libangan, sining, sayaw, at musika."

Ang batas sa itaas ay hindi nagbibigay ng anumang mga eksepsiyon sa pagbabawal laban sa pag-aatas ng copayment o kasunduan sa hatian sa pagbabayad batay sa pangangailangang natutupad ng mga serbisyong ito, kabilang ang pangangailangan sa day care o respite. Kabilang dito ang mga allowance, tulad ng pagpopondo ng hanggang sa limitadong bahagi ng mga gastusin na may inaasahan na anumang mga gastos na higit sa limitasyong iyon ay babayaran ng indibidwal o pamilya.

**Mga Patakaran sa POS ng Regional Center para sa Libangan sa Pakikisalamuha**

Nakasaad sa seksyon 4688.22(a)(5) ng W&I Code na, "Higit pang layunin ng Lehislatura na bigyang-priyoridad at pabilisin ng kagawaran ang anumang mga patakaran, pamamaraan, o nakasulat na mga direktiba na maaaring kailanganin upang mapadali ang mga pagsisikap ng regional center para madagdagan ang pag-access, pagkolekta ng datos, o pagsubaybay ng mga paggasta kaugnay ng mga serbisyong ito."

Inuuna ng Kagawaran ang pagbibigay ng teknikal na tulong sa mga regional center, kabilang ang isang paunang pagsusuri ng mga patakaran ng POS para sa libangan sa pakikisalamuha, camping at hindi medikal na mga paggamot. Maaaring kasama sa pagsusuri ng Kagawaran ang pag-apruba bago ang Lupon ng mga Direktor ng regional center, alinsunod sa pag-apruba ng Lupon kung iniatas ng regional center ang pag-apruba ng Lupon.

Sisikaping mabuti ng mga regional center na matukoy ang mga konsumidor at kanilang mga pamilya, kung naaangkop, na ang pangangailangan para sa libangan sa pakikisalamuha, camping at hindi medikal na mga paggamot ay maaaring napagpasiyahan, pagkatapos ng Hulyo 1, 2023, gamit ang mga patakaran ng POS na hindi naaayon sa Direktibang ito o sa seksyon 4688.22 ng W&I Code. Sa mga kasong ito, dapat na makipag-ugnayan ang mga regional center sa mga konsumidor at/o kanilang awtorisadong kinatawan upang talakayin ang pangangailangan ng konsumidor para sa libangan sa pakikisalamuha, camping at hindi medikal na mga paggamot gamit ang mga pamantayang nakabalangkas sa Direktibang ito.

**<u>Pagtataas ng Availability ng mga Tagapagkaloob ng Serbisyo sa pamamagitan ng Mga Serbisyong Participant-Directed at Pagpapabilis ng Vendorization</u>**

Nakasaad sa seksyon 4688.22(a)(4) ng W&I Code na, “Higit pang layunin ng Lehislatura para sa mga regional center na bigyang priyoridad ang pag-access sa mga serbisyong iyon, hindi lamang sa pamamagitan ng pagrekomenda sa mga konsumidor at kanilang mga pamilya sa mga umiiral na oportunidad para sa mga serbisyong libangan sa pakikisalamuha at serbisyong pang-camping, ngunit pati rin sa direktang pagpopondo sa mga serbisyong iyon kasama ng mga suportang maaaring kailanganin nila para ma-access ang mga iyon, na makapagtataas ng availability ng mga vendor, at sa gayo'y mapapabilis ang mga vendorization."

Para mapataas ang availability ng mga tagapagkaloob ng serbisyo at mabilis na maialok at pondohan ang mga serbisyong libangan sa pakikisalamuha at pang-camping, dapat ipatupad ng mga regional center ang lahat ng sumusunod:

1) Gaya ng inilarawan sa patnubay ng Kagawaran noong Nobyembre 3, 2023, ang mga serbisyo ay maaaring pondohan sa pamamagitan ng Mga Serbisyong Participant-Directed. Magagawa nito na direktang mapondohan ng mga regional center ang mga umiiral na oportunidad para sa mga serbisyong libangan sa pakikisalamuha at serbisyong pang-camping ayon sa konteksto ng seksyon 4688.22(a)(4) ng W&I Code sa pamamagitan ng mga tagapagkaloob na hindi naialok. Gayundin, alinsunod sa patnubay na ibinigay ng Kagawaran noong Nobyembre 16, 2022, ang mga pagbabayad para sa mga serbisyong ito ay iaayon sa mga karaniwang proseso na ginagamit ng mga lokal na negosyo o mapagkukunan ng komunidad. Halimbawa, kung ang singil sa subscription o pag-access ay babayaran sa simula ng buwan, dapat ayusin ng Serbisyo sa Pamamahala ng Pananalapi (Financial Management Services) ang kanilang iskedyul ng pagbayad upang mabili ang mga serbisyong ito sa simula ng buwan para suportahan ang pag-access sa serbisyo.

2) Bilang bahagi ng pagpapalawak ng pag-access sa mga serbisyong libangan sa pakikisalamuha at mga serbisyo sa pang-camping, dapat sikapin ng mga regional center na ialok ang mga programang pangkomunidad at mga tagapagkaloob ng serbisyo, kabilang ang mga taong pagkakalooban ng Kagawaran ng mga gawad para sa libangan sa pakikisalamuha. Nagkaloob ang Kagawaran ng mga Gawad para sa Pinahusay na Pagsama sa Komunidad para sa mga Bata at Teenager (mga gawad para sa libangan sa pakikisalamuha), noong Panahon ng Tagsibol sa Taong 2023, na pinagiba-iba ang hanay ng mga serbisyo at pinataas ang pagiging accessible ng libangan sa pakikisalamuha para sa mga indibidwal na pinaglilingkuran ng mga regional center.

3) Kapag iniaalok ang mga serbisyong libangan sa pakikisalamuha at pang-camping, dapat na iatas lamang ng mga regional center ang mga dokumentong nakalagay sa Standardized Vendorization Packet para sa Mga Ipinanumbalik na Serbisyo na nabanggit sa sulat noong Nobyembre 3, 2023 (Mga Kalakip A-E). Ang paglihis sa paggamit ng Standardized Vendorization Packet para sa Mga Ipinanumbalik na Serbisyo ay nangangailangan ng paunang pag-apruba mula sa Kagawaran.

**Mga Karaniwan at Kinaugaliang Rate (Usual and Customary Rates)**

Para sa libangan sa pakikisalamuha, camping at hindi medikal na mga paggamot, kabilang ang mga programang pangkomunidad na nagbibigay ng mga serbisyo sa publiko tulad ng Boys and Girls Clubs at mga dance studio, maaaring ibalik ng mga regional center ang nagastos batay sa Usual and Customary (U&C) rate. Ayon sa CCR, Titulo 17 seksyon 57210(a)(19), ang ibig sabihin ng U&C rate ay rate na regular na sinisingil sa pangkalahatang publiko ng isang programa para sa serbisyo na ginagamit ng mga indibidwal at/o mga pamilyang pinaglilingkuran ng regional center at kung saan hindi bababa sa 30% ng mga tumatanggap ng naturang serbisyo ay hindi mga indibidwal o pamilya na pinaglilingkuran ng regional center. Ang U&C rate ay ginagamit kapag ang Kagawaran o Kagawaran ng mga Serbisyo ng Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services) ay walang itinatag na rate. Sa pagtatatag ng mga rekord ng rate ng U&C, dapat sundin ng mga regional center ang patnubay na nakasaad sa sulat noongPebrero 8, 2022, at gamitin ang subcode na “SRA” para sa mga ibinalik na serbisyo.

Mangyaring sumangguni sa Mga Madalas Itanong na matatagpuan sa website ng Kagawaran, para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng vendorization. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa Direktibang ito, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong Pangunahing Tagapag-ugnay sa Regional Center, o sa Opisina para sa Pagpapatakbo ng Komunidad (Office of Community Operations) sa (916) 654-1690 o sa oco@dds.ca.gov.

Taos-puso,

*Ang Orihinal na Kopya ay Pinirmahan ni:*

ERNIE CRUZ
Deputy Director
Dibisyon ng mga Serbisyo sa Komunidad (Community Services Division)

Tingnan sa susunod na pahina.

cc: Mga Administrador ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center
Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center
Nancy Bargmann, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Brian Winfield, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Carla Castañeda, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Pete Cervinka, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Jim Knight, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad